PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mga tao sa paligid mo na tumulong upang ikaw ay maging isang lider. Pasalamatan Siya sa mga nauna sa iyo at nakapagtatag ng pundasyon sa iyo kasama ang mga tao, probisyon, at panalangin.
- Ipanalangin na maalala mo na ang tunay na pundasyon ay maitatatag lamang sa Diyos. Manalangin na patuloy kang magpapakumbaba at aasa sa kalakasan mula sa Diyos at hindi sa iyong sarili, araw-araw.
- Hingin sa Diyos ang Kanyang pagpapala upang magawa mo ring ipagpala ang ibang tao. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng karunungan upang magawa mong pamunuan ang iba at makapagtatag ng tamang pundasyon para sa kanila.

NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

David at Solomon

WARM-UP

- Magkuwento tungkol sa una mong araw sa bago mong paaralan o pinagtatrabahuhan. Ano ang naramdaman mo?
- Masasabi mo bang may karunungan ka sa pamamahala ng iyong mga ikinabubuhay? Bakit oo bakit hindi?
- Ikuwento sa grupo ang isang mentor na mahal mo. Ano ang nagustuhan mo sa kanya?

WORD

Sinabi ni David, "Bata pa ang anak kong si Solomon at wala pa siyang karanasan. Kailangang ang templo ng Panginoon na itatayo ay napakaganda at magiging tanyag sa buong mundo. Kaya paghahandaan ko ito ngayon pa lang." **1 CRONICA 22:5**

Ang kuwento ni David at ng kanyang anak na si Solomon ay nagpapakita ng mabuting paghahanda sa susunod na henerasyon. Kung si Saul, ang dating hari, ay nawalan ng pagpapala mula sa Diyos dahil huminto siyang sumunod sa Kanya at nagtangkang kumilos ayon sa kanyang pamamaraan para sa kanya at sa kanyang anak, si David ay masusing nagplano at gumawa ng mga hakbang upang maipasa ang pamumuno sa kaharian sa kanyang anak na si Solomon. Bahagi ng pagsasanay sa susunod na henerasyon ang pagtulong sa kanila upang makapagsimula sila nang may matatag na pundasyon, at hindi mahinang posisyon. Tingnan natin kung paano inihanda ni David ang daan para kay Solomon.

1 Inihanda ni David ang mga tao upang suportahan si Solomon.

Pagkatapos, inutusan ni David ang lahat ng pinuno ng Israel para tulungan ang anak niyang si Solomon. . . . **1 CRONICA 22:17**

Hindi iniwan ni David si Solomon upang matulungan siyang makuha ang katapatan ng mga tao. Ginawa niya ang mga unang hakbang sa pamamagitan ng paghahanda sa mga tao na sumunod sa kanilang susunod na hari. Tulad nito, mahalaga na suportahan ang magiging bagong henerasyon sa pamamagitan ng paglalaan ng panahon upang ipakilala sila sa mga taong makakatrabaho nila, pamumunuan, o kaya ay susundan. Ano ang ginawa ng isang lider upang ihanda ka at ang iba pa upang sama-samang magtrabaho at sumuporta sa isa't isa?

2 Inihanda ni David ang mga kakailanganin ni Solomon upang matupad ang utos ng Diyos.

Sinabi ni David, "Bata pa ang anak kong si Solomon at wala pa siyang karanasan. Kailangang ang templo ng Panginoon na itatayo ay napakaganda at magiging tanyag sa buong mundo. Kaya paghahandaan ko ito ngayon pa lang." Kaya lubusan ang paghahandang ginawa ni David bago siya mamatay.
1 CRONICA 22:5

Si David ay may pangitain mula sa Diyos, at ito ay ang maitayo ang dakilang tahanan ng Diyos dito sa lupa. Alam din niya na si Solomon ay bata pa *at wala pa siyang karanasan*. Hindi pa niya alam kung paano mamuno at kung ano ang mga unang hakbang na dapat gawin. Sa halip na hayaan siyang matutunan kung ano ang mga ito, inihanda ni David si Solomon upang makapamuno. Ibinigay niya ang mga materyales na kakailanganin upang maitayo ang tahanan ng Diyos at maisakatuparan ang Kanyang kagustuhan. Alam ni David na hindi siya mananatiling buhay habambuhay, kung kaya't inilaan niya ang ilang yaman ng kaharian para sa maayos na pagpasa kay Solomon. Paano tayo magiging mabuting tagapamahala ng mga ibinigay ng Diyos nang may pagsasaalang-alang sa susunod na henerasyon?

3 Ipinagdasal ni David si Solomon.

"Tulungan n'yo rin po ang anak kong si Solomon na lalong maging tapat sa pagsunod sa inyong mga utos, katuruan at mga tuntunin, at sa paggawa ng lahat ng ipinatutupad ninyo tungkol sa pagpapatayo ng templo na aking inihanda." **1 CRONICA 29:19**

Kung hindi tayo mananalangin, walang anumang paghahanda ang magiging epektibo. Alam ni David na ang Diyos lamang ang maaaring makapagbigay kay Solomon ng tagumpay. Ipinagdasal niya ang puso ni Solomon—na susundin niya ang Diyos at ang Kanyang mga utos. Alam niya na sa pamamagitan lamang nito maaaring magtagumpay si Solomon. Dapat nating ipanalangin ang susunod na henerasyon dahil kung wala ang matibay na pundasyon mula sa Diyos, walang magtatagumpay. Paano ka nakapagtatag ng pundasyon ng panalangin para sa susunod na henerasyon?

APPLICATION

- Itala ang ilang ugnayan na mayroon ka ngayon, maaaring sa mga taong nauna sa iyo o sumusunod sa iyo, na maaari mong mas patatagin. Magtala ng mga tiyak na hakbang na magagawa mo upang maisakatuparan ito.
- Pag-aralan ang mga ikinabubuhay, kakayahan, at karanasan na ibinigay sa iyo. Paano mo magagamit ang mga ito upang tulungan o suportahan ang susunod na henerasyon?
- Magsimulang magtatag ng pundasyon ng panalangin para sa susunod na henerasyon. Gumawa ng listahan ng mga taong ipapanalangin mo ngayon.